



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

IKA-16 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON (B) • HULYO 22, 2018

Pamumunong Tigib ng Katarungan at Pag-ibig



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Jer 23:1-6)

Mga Masamang Pastol

¹PARURUSAHAN ng Panginoon ang mga **namumunong** walang malasakit sa kanilang mga nasa-sakupan at pinababayaang ang mga ito’y mangalat at mamatay. ²Ito ang sabi ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, tungkol sa mga **tagapanguna** ng kanyang bayan: “Pinapangalat ninyo at pinabayaan ang aking kawan. Hindi ninyo sila binantayan kaya’t kayo’y parurusahan ko dahil sa inyong ginawang ito.

Mga Mabuting Pastol

³Ako na ang magtitipon sa nalabi sa aking mga tupa mula sa lahat ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila. Ibabalik ko sila sa kanilang tinubuang lupa, at sila’y muling darami. ⁴Hihirang ako ng mga **pastol** na magmamalasakit at mangangalaga sa kanila. Hindi na sila muli pang daranas ng takot at

agam-agam, at wala nang maliligaw kahit isa. Akong Panginoon ang may sabi nito.”

Sangang Matuwid

⁵“Nalalapit na ang araw,” sabi ng Panginoon, “na pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid, isang hari na buong karunungan maghahari. Paiiralin niya sa buong lupain ang batas at katarungan. ⁶Magiging matiwasay ang Juda sa panahon ng kanyang pamamahala, at ang Israel ay mapayapang mamumuhay. Ito ang pangalang itatawag sa kanya: ‘Ang Panginoon ay Matuwid.’”

Tema: **Ang Pamumuno ng mga Pastol**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay matatagpuan sa gitnang bahagi ng aklat ng Jeremias. Ito ay kabilang sa Ikatlong Aklat na pinamagatang “Mga Propesiya laban sa Juda at Jerusalem (21: 1-33: 26).

- Nagpropesiya si Jeremias sa panahon ni Haring Zedekias nang ito ay natukso sa pag-aalsa laban sa mga Babilonya. Nagpropesiya rin siya sa panahon ng mga hari na tulad ni Yosias at Yoakin.
- Ang lahat na nakita niya mula sa mga hari, maliban kay Yosias na nagpatupad ng ilang mga reporma sa relihiyon, ay paglabag sa Tora o Batas (idolatriya).
- Sa pamamagitan ng kanilang mga hari, ang mga Hudiyo ay naging makasalanan dahil sinubukan iilang makipag-alyansa sa mga paganong bansa upang sila ay magkaroon ng proteksyon; sa halip ay nakompromiso ang kanilang paniniwala na iisa lamang ang tunay na Diyos.

Tatlong seksyon:

- Bb.1-2 ay nagsasaad ng kaparusahan ng masamang mga pastol (mga pinuno) dahil sa kanilang masasamang gawa.
- Bb. 3-4 nagsasaad ng pangako ni Yawe na tipunin ang mga nalabi at humirang ng mabuting pastol para sa kanila.
- Bb. 5.5 ay ang propesiya na isang mahusay na pinuno mula sa angkan ni David ay darating.

Karagdagang komentaryo /tala:

- Ano ang ginagawa ng masasamang pastol:
 - Nililigaw nila at pinangalat ang kawan (ang bayan ng Diyos).
 - Pinalayas nila ang mga ito.
 - Hindi nila pinangangalagaan ang kawan.
- Ano ang ginagawa ng mga mabuting pastol (kasama ng Diyos):
 - Dinadala nila ang kawan sa luntiang pastulan (pinapakain nila sila).
 - Pinaparami nila ang kawan (maliliksi at dumarami).
 - Sa ilalim ng kanilang paghahari (kasama ang Sanga ni David), hindi natatakot ang mga tao

dahil sila ay ligtas.

-Ang pinuno mula kay David ay mamamahala nang may katalinuhan, katuwiran at katarungan.

PAGNINILAY

Ang pastol na hindi nag-aalaga sa kanyang kawan ay hinahatulan. Siya ay isang walang kabuluhang pastol. Ang Diyos ay magpapadala ng isang pastol na hindi kailanman, hindi, aalisin ang kanyang kawan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 22)

PASTOL KO'Y PANGINOONG D'YOS, HINDI AKO MAGDARAHOP.

IKALAWANG PAGBASA (Ef 2:13-18)

¹³MGA KAPATID, ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay **Kristo Hesus**, kayong dating nasa malayo ay **nailapit** sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. ¹⁴**Pinagkasundo** niya tayo. Kaming mga Judio at kayong mga Hentil ay kanyang **pinag-isa**. Sa pamamagitan ng kanyang katawan, pinawi niya ang alitan na parang pader na naghihiwalay sa atin. ¹⁵Pinawalang bisa niya ang Kautusang pawang mga utos at tuntunin upang pag-isahin sa kanya ang dalawang bayan at maghari ang kapayapaan. ¹⁶Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, winakasan niya ang alitan ng dalawang bayan, kapwa pinapanumbalik sa Diyos at pinagbuklod sa iisang katawan. ¹⁷Naparito si **Kristo** at ipinangaral sa lahat ang Mabuting Balita ng kapayapaan—sa inyong mga Hentil na malayo sa Diyos, at sa mga Judio na malapit sa kanya. ¹⁸Dahil kay **Kristo**, tayo'y kapwa makalalapit sa Ama sa pamamagitan ng Espiritu.

Tema: **Si Hesus ay Tagapagtaguyod ng Kapayapaan**

PAGNINILAY

Ipinadala ng Diyos si Hesus na, sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, ay nagpanumbalik sa atin sa Diyos kahit tayo ay nagkasala. Kaya nagdulot ito ng kapayapaan sa ating buhay, sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, na puno ng mga problema at pasakit.

MABUTING BALITA (Mc 6:30-34)

³⁰NOONG panahong iyon, bumalik kay Hesus ang mga apostol at iniulat ang lahat ng kanilang naisagawa at naituro. **Napakaraming taong dumarating at umaalis, anupat hindi na makuhang kumain ni Hesus at ng kanyang mga alagad.** ³¹Kaya't sinabi niya sa mga ito, "Magtungo kayo sa isang ilang na pook upang malayo sa karamihan at makapagpahinga kayo ng kaunti." ³²Umalis silang lulan ng bangka, at nagpunta nga sa isang ilang na dako.

³³Ngunit **maraming nakakita sa kanilang pag-alis at nakilala sila. Kaya't mula sa lahat ng bayan, ang mga tao'y patakpong tumungo sa dakong pupuntahan nina Jesus at nauna pang dumating doon kaysa kanila.** ³⁴Paglunsad ni Hesus, nakita niya ang napakaraming tao; nahabag siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol. At salita'y tinuruan niya ng maraming bagay.

Tema: **Ang Madla**

PAGPAPALIWANAG

- Ang ating teksto ay kabilang sa Unang Bahagi ng ebanghelyo ni Marcos na nagpapakilala kung sino si Hesus. Nagpapakita si Hesus ng pag-aalala sa dalawang grupo: Ang isang grupo ay ang kanyang mga apostol, ang isa ay mga tao (madla).
- Pagkatapos ng kanilang misyon, pagod ang

mga apostoles, kaya inaanyayahan sila ni Hesus na tumungo sa isang lugar (upang makapagpahinga at kumain).

- Ang mga tao ay palaging dumarating upang makinig sa kanyang mga aral. Sila ay nagugutom sa salita ng Diyos.
- Si Hesus ay naaawa, hindi lamang sa kanyang mga apostol, kundi pati sa mga taong sumusunod sa kanila.
- Ipinakilala ni Marcos si Hesus bilang mahabagin. Bihira na ipinakita ni Marcos ang damdamin ni Hesus.
- Ang habag ni Hesus ay ipinapakita o ipinapahiwatig sa kanyang mga aral.
- Isang guro na hindi nawawalan ng gawain si Hesus, at may habag sa kanyang mga tagasunod kaya tumutugon Siya sa kanilang mga pangangailangan (pahinga, pagkain, at karagdang Salita ng Diyos).

PAGNINILAY

Ang mga tao ay nauuhaw sa Salita ng Diyos, sa mapagkalinga at mapaghilom na kamay ng Diyos. Hindi nila ito natagpuan sa ibang mga lideres o pinuno. Kay Hesus lamang. Hindi sila pababayaan ni Hesus. May awa at habag si Hesus sa kanila.

II. PAG-UUGNAY

Kailangan natin ng mga mabubuting pastol, at ang mga ito ay mula sa Diyos (Unang Pagbasa). Si Hesus ay ang mabuting pastol na ipinadala ng Diyos sapagkat siya ay nahahabag sa mga nangangailangan (Mabuting Balita). Ang manunulat ng sulat ni Pablo ay nagpapatibay na kung ano'ng uring Pastol si Hesus: Siya ay namatay para sa kanyang mga tupa. Hindi lamang niya sila pinakain ng tinapay, ngunit binigyan Niya sila ng buhay na walang hanggan. Sa katunayan, sa




pamamagitan ng kanyang kamatayan tayo ay nakipagkasundo muli sa Diyos, at nagkaroon ng kapayapaan sa ating iba't ibang antas ng ugnayan (Ikalawang Pagbasa).

MGA BAGONG LIBRO NG ST PAULS...
III. SALAMIN NG BUHAY

1. Sa darating na 2019, magkaroon na naman ng halalan. Anu-ano ang mga katangian nila. Magbigay ng mga kaaya-aya (3) at hindi kaaya-aya (3).
2. Paano ba nakikita sa ating mga organisasyon at samahan sa parokya ang pag-aagawan sa kapangyariha at prihibilyo?

-Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)


PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman

VERBUHAY (Filipino Edition)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa Prayers of the Pauline Family)